RINGETTE CANADA RINGUETTE CANADA

Tungkol sa Ringette

Naghahanap ka ba ng isang sport kung saan makakahanap ka ng mga bagong kaibigan? Kung saan mag-e-enjoy ka anuman ang iyong edad? Kung saan ay mararamdaman mong welcome ka at parte ka ng isang team, matututo ka ng mga bagong skills at magkakaroon ka ng masasayang experience? Kaya't makinig sa aming sasabihin dahil mayroon kaming sport na para sa iyo.

Ang Ringette ay isang laro sa Canada na unang nakilala noong 1963 sa North Bay, Ontario. Unang dinevelop ang larong ito para sa mga babae. Ito ay isang team sport na nilalaro nang mabilisan sa ibabaw ng yelo. Gumagamit ang mga player nito ng isang tuwid na stik upang ipampasa, ipandala at ipang-shoot ng isang plastic na ring upang maka-goal.

Sampung taong nakasentro ang paglalaro nito sa Ontario at Quebec, ngunit mabilis itong kumalat sa buong Canada at ngayon, nilalaro na ito sa sampung probinsya at sa Northwest Territories.

Sa katunayan, ang sport na ito ay naging isa sa pinakapaboritong libangan para sa mga kababaihan, na may mahigit sa 50,000 participant, kabilang ang mga player, mga coach, mga opisyal at mga volunteer sa buong Canada - kakaiba ang bilis ng pagdami ng mga ito para sa isang bagong sport.

Mahigit sa 7,000 sertipikadong coach ng ringette ang nakarehistro sa National Coaching Certification Program, at 1,724 na rehistradong opisyal ang nag-training sa ilalim ng Ringette Canada's National Officials Certification Program. Dagdag pa rito, may libu-libong volunteer ang nangangasiwa ng mga club, liga, at mga tournament sa buong Canada.

May iba't-ibang antas ng pagkabihasa sa laro sa buong bansa; simula sa Bunnies (isang programa para matutong mag-skate), at ang mga pormal na mga team naman na may iba't-ibang kategorya ng pagkabihasa at edad, nagbibigay-daan upang magkakaroon ng pwesto ang bawat player.

Kontakin ang iyong lokal na asosasyon upang malaman kung paano masusubukan ang paglalaro nito malapit sa inyo.

Paano Nilalaro ang Ringette

Ang ringette man ay nilalaro sa ibabaw ng yelo na katulad ng sa hockey, maikukumpara man ang mga kagamitan at dami ng player, duon lamang sila nagkakapareho. Mas kahalintulad ng basketball, soccer o lacrosse, ang ringette ay isang team sport na may kakaibang estratehiya.

Ang mga patakaran ng laro ay nagtataguyod ng team play kaya hindi maaaring dalhin ng iisang player lamang ang ring mula sa isang dulo papunta sa kabilang dulo upang maka-goal. Kadalasang binubuo ang isang team ng 11 hanggang 17 player, na may anim na skater sa ibabaw ng yelo (isang goalie, dalawang defense, isang center at dalawang forward).

Nagsisimula ang Laro na katulad ng soccer na kung saan ang Visiting team ay binibigyan ng isang Free Pass sa Centre Ice Free Pass Circle (na tinatawag sa Hockey o Lacrosse na Face Off Circles). Sa Free Pass din muling nagsisimula ang laro matapos ang mga penatly, violation, goal o anumang pagkahinto ng laro. Depende kung saan nahinto ang laro matapos ang isang violation o penalty, ang free pass ay ibibigay sa naaangkop na team sa free pass circle na pinakamalapit sa kung saan nahinto ang laro. Pupusisyon ang isang player sa whistle at mayroon siyang limang segundo para i-shoot o ipasa ang ring sa isang teammate. Kinakailangang maipasa ang ring sa labas ng circle, at hindi maaaring mag-skate ang player palabas ng circle nang dala-dala ang ring. Hindi maaaring pumasok ang ibang player sa loob ng Free Pass Cirle sa loob ng limang segundong bilang.

Mga Blue Line – Hindi maaaring dalhin ng isang player ang ring sa kabila ng blue line sa magkabilang direksyon. Kinakailangang maipasa ang ring sa kabila ng blue line papunta sa isang teammate. Maaaring unahan ng teammate na papasahan ang may-dala ng ring at tumawid sa blue line bago pa man tumawid ang ring dito.

Goal Crease – Kapag huminto ang ring sa loob o sa ibabaw ng crease, ang player na maaari lamang humawak nito ay ang goalie. Kadalasang dinadampot ng goalie ang ring at pinapasa sa isang teammate. Mayroong limang segundo ang goalie para ipasa ang ring palabas sa kanyang crease.

Pagdating sa pisikal na aspeto ng laro, nagtataguyod ang ringette ng patakarang no-contact. Binibigyan ng *penalty* ang isang player kapag (sadya man o hindi) labis siyang nagkaroon ng contact sa ibang player, sobrang taas na nag-stick-check sa isang player, namatid, nanghampas o nangharang ang isang player.

Ang mga detalye at karagdagang pagpapaliwanag sa mga patakarang ito ay matatagpuan sa Ringette Canada's Official Rule Book, na available sa iyong lokal o probinsyal na asosasyon.